

Ano ang kwento ng pagkolekta ng Qur'an noong panahon ni Abu Bakr at pagsunog nito noong panahon ni Uthman?

Iniwan ng Propeta ang Qur'an na tiyak at nakasulat sa mga kamay ng mga kasamahan upang ito ay mabasa at maituro sa iba. Nang si Abu Bakr -nawa'y kalugdan siya ng Diyos- ay naging kalipa, iniutos niyang kolektahin ang mga kasulatan na ito upang mailagay sa isang lugar at madaling balikan. Sa panahon ni Uthman, iniutos niyang sunugin ang mga kopya at kasulatan na nasa mga kamay ng mga kasamahan sa iba't ibang lugar na may iba't ibang diyalekto. Ipinadala niya ang mga bagong kopya na katulad ng orihinal na bersyon na iniwan ng Propeta at kinolekta ni Abu Bakr, upang matiyak na lahat ng lugar ay gumagamit ng parehong orihinal at nag-iisang bersyon na iniwan ng Propeta.

At nanatiling walang pagbabago o pag-aalis ang Qur'an, laging kasama ng mga Muslim sa lahat ng panahon at patuloy na binabasa sa kanilang mga dasal.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://nwahy.com/free/qa/tl/show/52/>

Arabic Source: <https://nwahy.com/free/qa/ar/show/52/>

Tuesday 19th of May 2026 10:45:41 AM